Naku, nakuu, nakuuu!

Isang Kuwentong Pambata

ni: Nanoy Rafael

Balisang-balisang umalis ng bahay si Isko, halos madapa sa pagmamadali.

"Naku, nakuu, nakuuu!" sabi ni Isko, pawis na pawis sa pagtakbo at pag-aalala.

"Isko, Isko, bakit ka nagmamadali?" tanong ng gusgusin niyang pinsang si Kaloy. "Halika, at tingnan mo ang mga alaga kong gagamba." Binuksan ng gusgusing si Kaloy ang isang kahon ng posporo, at sumilip ang isang munting gagamba.

Tumigil sa pagtakbo si Isko at lumapit, pinagmasdan ang gagambang gumagapang sa patpat na hawak ng gusgusing si Kaloy.

"Kaloy, alam mo ba kung paano nagkakaroon ng bagong gagamba?" tanong ni Isko.
"Siyempre," nagmamalaking sagot ng gusgusing si Kaloy, "galing sila sa itlog, maraming-maraming itlog sa sapot."
"Itlog? Parang sa manok?" tanong ni Isko.
"Hindi, parang sago. Maliliit na sago," sagot ng gusgusing si Kaloy.
"Anong nangyayari sa mga bagong gagamba?" tanong ni Isko.
"E di pinag-aaway ko sila! Hahahaha!" halakhak ng gusgusing si Kaloy.

Biglang umalis si Isko, halos manginig sa lalong pagkabalisa, sa gulat ng gusgusin niyang pinsang si Kaloy.
"Hooooy, Isko, saan ka pupunta?"
Ngunit hindi sumagot si Isko, at patuloy lang na lumayo.

"Naku, nakuu, nakuuu!" sabi ni Isko, pawis na pawis sa pagtakbo at pag-aalala.

"Isko, Isko, bakit parang malungkot ka?" tanong ng mabait niyang kaibigang si Iya. "Halika, at tingnan mo ang bago naming tuta." At kinarga ng mabait na si Iya ang maliit at mabalahibong tuta.

Tumigil sa pagtakbo si Isko at lumapit, tinitigan ang tuta sa bilugan at itim na itim nitong mga mata.

"Iya, paano nagkakaroon ng bagong tuta?" tanong ni Isko.
"Hm... Lumalaki na lang yung tiyan ng nanay na aso, tapos biglang isang araw, lalabas na lang yung mga tuta sa kaniya." sagot ni Iya.
"*Mga* tuta?" tanong ni Isko. "Marami? Parang sa gagamba?"
"Siguro. Minsan maraming-marami. Minsan dalawa o tatlo lang."

“Anong nangyayari sa mga bagong tuta?” tanong ni Isko.

“Yung iba, itinatago namin, yung iba ipinangreregalo. Ibinibigay ni Nanay basta may humingi.” sagot ng mabait na si Iya.

Biglang umalis si Isko, umiiling-iling, sa gulat ng mabait niyang kaibigang si Iya.

“Hooooy, Isko, saan ka pupunta?”

Ngunit hindi sumagot si Isko, at patuloy lang na lumayo.

“Naku, nakuu, nakuuu!” sabi ni Isko, pawis na pawis sa pagtakbo at pag-aalala, hanggang sa marating niya ang klinika ng magaling na Doktora.

At dagling pumasok ang hingal na hingal na si Isko.

“O, Isko, bakit ka napadalaw?” sabi ng magaling na Doktora. “Mayroon ka bang sugat o lagnat?” At inilapat ng magaling na Doktora ang kaniyang kamay sa noo ni Isko.

“Doktora,” sabi ni Isko na naghahabol ng hininga, “paano po ba nagkakaroon ng bagong beybi?”

“Ah!” sagot ng magaling na Doktora. “Unti-unting lumalaki ang beybi sa loob ng tiyan ng Nanay. Kapag malaki at malakas na siya, handa na siyang lumabas kay Nanay.”

“Parang tuta?” tanong ni Isko.

Natawa ang magaling na Doktora. “Oo, Isko, parang tuta.”

“Anong nangyayari sa mga bagong beybi?” tanong ni Isko nang nanginginig ang boses.

“E di inaalagaan ni Nanay at Tatay, at lumalaki para maging katulad mong batang tanong nang tanong!” sabay kurot ni Doktora sa pisngi ni Isko. “Bakit mo nga pala naitanong?”

Sandaling nanahimik si Isko. “E... ano naman pong nangyayari doon sa kapatid niyang mas matanda?”

Napangiti ang magaling na Doktora. “Sa tingin ko alam ko na kung bakit mo itinatanong ‘yan. At sa tingin ko, ang dapat mong tanungin ay si Nanay at Tatay mo.”

Bumuntonghininga si Isko, at halos kaladkarin ang paa sa pag-alis.

“O, Isko, mag-ingat ka!” sabi ng magaling na Doktora.

Ngunit hindi nagpaalam o lumingon si Isko, at patuloy lang na lumayo.

“Naku, nakuu, nakuuu,” sabi ni Iskong naglalakad nang mabagal na mabagal pauwi.

“Isko, Isko, uuwi ka na ba?” tanong ng masayahin niyang kaklaseng si Otep. “Halika, makipaglaro ka muna sa ’min ni Kuya!” At ipinasa ng masayahing si Otep kay Isko ang isang bola.

Tumigil sa paglalakad si Isko, at tinitigan ang bola sa kaniyang kamay.

Lumapit ang masayahing si Otep kay Isko. “O, Isko, may problema ba?”

“Otep,” sabi ni Isko sa malungkot na tinig, “masaya ba kapag may kapatid?”

“Oo, siyempre!” pagmamalaki ng masayahing si Otep. “Kapag mayroon tayong mahirap na homework, nandiyan si Kuya para tulungan ako. Ipinapasyal rin ako ni Kuya. Tapos, kapag gabi, nagkakantahan kami at siya ang naggigitara. Nung inagaw ni Berto ang baon ko at inaway ako, si Kuya ang nagtanggol sa ’kin. At siyempre, parati akong mayroong kalaro dahil nandiyan si Kuya! Paglaki ko nga, gusto kong maging katulad niya e.”

“Katulad ng kuya mo?” tanong ni Isko.

"Oo. Kaya pinagbubutihan ko sa eskuwela. Matalino kasi si Kuya. Tsaka minsan, nagpapaturo na rin ako sa kaniyang maggitara. Kaso maliit pa mga daliri ko, di ko pa abot yung ibang string. Tsaka sinusubukan ko ring maging magaling sa basketbol, kagaya niya," sagot ni Otep.

"Otep, tara laro na tayo," sigaw ng Kuya ni Otep.
"O, Isko, tara na!" yaya ni Otep.
Ipinasa ni Isko ang bola kay Otep at biglang umalis, sa gulat ng masayahing si Otep.
"Hooooy, Isko, saan ka pupunta?"
"Uuwi!" sagot ni Isko, na mabilis na tumakbong palayo.

"Naku, nakuu, nakuuu!" sabi ni Isko, pawis na pawis sa pagtakbo at pagkasabik.

Hanggang sa makarating si Isko sa kaniyang bahay at dagli-dagling pumasok, sa gulat ng kaniyang Nanay.
"O, Isko, bakit ka nagmamadali?" tanong ng Nanay ni Isko.
Ngunit hindi sumagot si Isko, at niyakap na lamang ang malaki at bilugang tiyan ng kaniyang Nanay.

Nanoy Rafael
Copyright © November 2007
All rights reserved.

Please do not reproduce this
without asking for permission
from pbby@adarna.com.ph